# Mga Kailangan para sa Kagamitan sa Pagkain na Puwedeng Gawing Compost

Simula Hulyo 1, 2022, kailangang gumamit at magbigay ng mga produktong serbisyo ng pagkain na puwedeng gawing compost ang mga negosyo ng serbisyo sa pagkain sa Burien.



PLA na kubyertos



Fiber na kubyertos





Papel na tasa na may saping PLA



Fiber na lalagyan ng pagkain



Papel na mangkok



Kahoy na chopstick at panghalo




PLA na tasa



Plastik na kubyertos



Styrofoam



Plastik na lalagyan ng pagkain

*Ang layunin ng ordinansang ito ay para ingatan ang kalusugan ng publiko, bawasan ang basura, at limitahan ang mga nakakapinsalang bagay na nakakarating sa kapaligiran.*

## Para sa higit pang impormasyon:

environment@burienwa.gov · 206-248-5511

**burienwa.gov/compostables**

Burien

# Mga Detalye ng Kailangan para sa Kagamitan na Puwedeng Gawing Compost

### Kasama sa mga negosyo ng serbisyo sa pagkain ang:

- Mga Restawran
- Mga Tindahan ng Grocery
- Mga Deli
- Mga Kapihan
- Mga Food Truck
- Mga Booth
- Mga kantina at kainan sa isang pasilidad
- Mga serbisyo ng paghahatid ng pagkain sa bahay



### Mga produktong kailangan na puwedeng maging compost:

- Mga Lalagyan
- Mga Pinggan
- Mga Mangkok
- Mga Tasa
- Mga Tray
- Mga Karton
- Mga Chopstick
- Mga Clamshell
- Mga Kutsilyo, tinidor, kutsara
- Mga tray ng karne
- Mga Lagayan sa deli
- Mga Splash stick
- Mga Panghalo
- Mga Pantakal
- Mga Pantusok sa cocktail
- Mga Takip
- Iba pang may takip na lalagyan

### Hindi kasama sa ordinansa ang:

- Mga lalagyan para sa mga pagkain may kakaibang hugis gaya ng deviled eggs o cupcake
- Plastik na pambalot na ginagamit para mapreserba at mapanatiling sariwa ang pagkain
- Mga Nakapaketeng pagkain*
- Mga Tray para sa catering
- Mga Sakong pinaglagyan ng gulay
- Pambalot ng pagkain at shrink wrap
- Mga Straw
- Mga bagay na nakatanggap ng isang-taóng waiver
- Mga lalagyan ng mainit na karne gaya ng para sa mga buto-buto at lechong manok



**Mga Nakapaketeng pagkain: mga produkto ng serbisyo sa pagkain na nilagyan ng pagkain at sinelyado sa pamamagitan ng hiwalay na negosyo ng serbisyo sa pagkain o manufacturer ng pagkain bago matanggap ng negosyo ng serbsiyo sa pagkain na pinagbibilhan.*

**Ano ang kahulugan ng puwedeng gawing compost?**

Ang mga produktong puwedeng gawing compost ay gawa sa mga materyales na puwedeng ganap na matunaw, gaya ng mga plant base plastic (PLA), fiber ng halaman, kahoy, at papel. Ang mga produktong puwedeng gawing compost ay nakatutugon sa pamantayan ng ASTM D6400 o D6868.

**Paano ako makakakita ng mga nagtitinda ng mga produktong puwedeng gawing compost?**

Makakakita ka ng mga nagtitinda ng mga produktong puwedeng gawing compost sa website ng Lungsod ng Burien!




**Paano kung ang nakalagay ay "nabubulok" at hindi "puwedeng gawing compost"?**

Maraming produktong na-advertise bilang "nakakatulong sa kapaligiran" ang hindi puwedeng maging compost at hindi natutunaw sa sistema ng komersyal na compost. Tiyaking nakatutugon sa kahulugan ng puwedeng gawing compost ang mga produktong binibili mo.